

IMAGE OF YOUNG CHILDREN ON SELECTED FICTION OF GENOVEVA EDROZA MATUTE

Rowena Ariaso^{1*} Lita Bacalla²

Lita Bacalla at Rowena N. Ariaso Cebu Normal University at Leyte Normal University^{1,2}

ABSTRACT

The main purpose of this study was to assess the condition of the youth in three stories by GENOVEVA EDROZA MATUTE. This analysis ensures that the aspects of the stories: Sa Paglalayag (On the Voyage), Sa Puso ng Isang Bata (In the Heart of a Child), Bughaw Pa Sa Likod Ng Ulap (Still Blue Behind the Clouds), be examined through the description of the characters, images, conflicts, and themes provided. Qualitative method was used. Based on the study, the following findings were found: the characters in the stories are young people who are not provided with adequate education, food and proper housing. The stories narrate their experience on deprivation through origin and oppression of other people. Their childhood was exploited and their rights abused. The symbolism used in the story illustrates the lack of basic necessities and ability to protect themselves. The educational situation was focused regarding the character Lingat. It tells of the danger posed by society that leads to death and the struggles on social issues such as violence. The themes presented in the three selections emphasised the need for adequate nurturing, care, protection, and guidance for young people in order to avoid oppression from others and to become role models in society. As proven in these selected stories, it was discovered that Matute's description of the situation of the youth then are still happening in the present time.

KEYWORDS: *social issues, childhood, experiences, violence, stories, broken family*

1. INTRODUKSYON AT METODOLOHIYA

Ang mga bata ay kinakailangang arugain, bigyan ng sapat na edukasyon, kagandahang asal, disiplina, pagmamahal, turuang mahal in ang pamilya at kapwa, may takot sa Diyos at sa bansa, para kapag lumaki na ay gagawin din kung ano ang karapat-dapat. Bagama't hindi lingid sa kaalaman ng lahat na maraming mga kabataan ang nasasadlak at napupunta sa hindi magandang sitwasyon. Sila ay biktima ng pagkakataon na hindi gusto at sapilitan pinagagawa ng mga bagay na labag sa kanilang kalooban. Ilan sa mga dahilan ang hindi handa ang mga magulang sa pagpasok sa relasyon, walang trabaho, mga bisyo at iba pa. Ito ay ilan lamang sa mga naging sanhi na nagpapahamak sa mga kabataan sa maling landas ng kanilang buhay.

Naglilipana na ngayon ang maraming mga kabataan na nalulugmok sa kahirapan tulad ng mga kabataang nagkalat sa lansangan. Karamihan ay nasa murang edad pa lamang ngunit nakaranas na ng masalimuot at magulong buhay.

Dahil dito, nakatuon ang pag-aanalisa sa mga kabataang Pilipino na iniugnay sa Panitikang Filipino at binibigyang pansin ang pag-aaral sapagkat sila ang nasasangkot sa isyung panlipunan tulad ng maagang pagtatrabaho o child labor, nagpapalimos sa lasangan, ginagamit sa pagbebenta ng droga, pang-aabusong berbal at pisikal. Ito ang puno't dulo na pag-aralan nang sa ganoon ay maunawaan ang sitwasyon ng mga kabataan na inilalathala ng literatura, dahil ang panitikan ay sumasalamin sa buhay ng tao. Kung kaya, napili ang mga piling kwento ni Genoveva Edroza-Matute dahil pumapaksa sa mga kalagayan at pag-uugali ng mga kabataan na umikot sa kuwento.

Binibigyan tuon sa pag-aaral na pagsusuri sa *kalagayang* sa mga piling kwento sa pamamagitan ng mga aspetong pangunahing tauhan, imahe, tunggalian, tema at karanasan at kaugalian ng mga manunulat. Hangad ng pananaliksik na maipamulat sa mambabasa ang kahalagahan ng mga kabataan sa lipunan na nakaranas ng

kaapihan sa buhay at maipabatid ang mga takbo ng kuwento tungkol sa mga realidad ng kabataan sa kasalukuyan.

Ang karanasan ng kabataan sa mga kathang-isip ni Matute na sumasalim sa nangyayari sa kasalukuyan. Pinapalagay ng pagsusuring ito na ang mga piling kuwento ni Genoveva Edroza-Matute ay naglalarawan sa lipunan.

Ang pagpapalagay na teoretikal, ay sinusuportahan ng tatlong teoriyang pampanitikan: ang pormalistiko at ekspresibo. Nagsisilbing batayan sa pagsusuri at pagpapakahulugan ng mga datos sa pag-aaral.

Ang Teoriyang Pormalistiko ay isang uri ng kritisismong pampanitikan na nagbibigay- diin sa porma ng isang teksto at hindi sa nilalaman. Binibigyan ng markadong atensyon ang istruktura, istilo at paraang artistiko ng isang akda. Ginagamit ang teoriyang ito dahil kaugnay nito ang kuwentong ay may mgaelementong napapaloob na ginagamit sa pagsusuri at para mabigyang-linaw ang mga mambabasa (The Official Website of Panitikan).

Mahalagang malaman ang mga porma o istruktura sa pagsusuri ng akda para malinaw at masuri ito nang mabuti. Ang bawat elemento ay pag-aralan at bubuhin nang maayos upang makapagbuo ng mabisang pag-aanalisa sa istruktura ng bawat kuwento.

Maraming mananaliksik at kritiko ang nakatuklas sa pinag-ugatan ng teoriyang ito, kabilang na ang isinulat ni Coleridge na itinuturing niyang “*buhay*” dahil sa kaisahang nakapaloob dito (Villafuerte 22). Dagdag pa niya na ang pagtuklas at pagpapaliwanag ng anyo na akda ang tanging layunin ng pagsusuring pormalistiko. Hindi binibigyang diin sa teoriyang ito ang buhay ng may-akda, hindi nakapaloob ang kasaysayan at lalong walang mababanaag na implikasyong sosyolohikal, politikal, sikolohikal at ekonomikal. Samakatwid, ang pisikal na katangian ng akda ang pinakabuod ng pagdulog na ito kung kaya ang tunguhin ng teoriya na matukoy ang (1) nilalaman, (2) kaanyuan o kayarian at (3) paraan ng pagkakasulat ng akda (Villafuerte 22).

Ang *teoriyang ekspresibo* ay naglalahad sa relasyon ng manunulat sa kanyang akda at sa kanyang sikolohiya. Sinusuportahan din ni Villafuerte (14), kung may unang dapat mabatid ang isang mambabasa ng panitikan, ito ay ang buhay ng may-akda. Hindi sapat na mabatid ng mambabasa ang pangalan at talaan ng mga akdang naisulat ng may-akda, manapa’y higit na mahalagang matuklasan at maunawaan ang katauhan o personalidad nito. Napapahalagahan ang pagbabahagi ng kamalayan ng manunulat sa mga mambabasa upang lalong matugunan ang maraming katanungang taglay ng isang akda, na tanging ang may-akda lamang ang makasasagot. Ipinapahayag dito na ang tunay na kahulugan ng sinulat ng manunulat ay siya ang nakakaalam sa sagot. Kung ano ang ibig na ipahiwatig sa mga linya nitong ipinabatid sa mga mambabasa. Ang kasalukuyang pag-aaral ay kalakip nito ang katauhan ng manunulat. Ang kaugnayan ng manunulat sa kanyang obra at ang kanyang sariling karanasan na maaaring ipasok sa kanyang akdang naisulat na hindi n’ya namamalayan.

Ang expressivist theory is concerned with the artist in a work of art. Art that fits this category may communicate ideas, feeling and emotions of the artists (Utahlink Homepage). Makapangyarihan ang manunulat sa kanyang obrang isinulat kung ano ang kanyang nararamdaman. Sa tulong ng sining maipapahayag niya ang kanyang saloobin, ideya, kaisipan, opinyon. Maipalalabas niya ito sa kanyang akda sa pamamagitan ng pagsulat at kung anong istilo o paraan niya ito maaaring isulat. Ayon din kay Adams qtd in Alvarado (6),

“Expressive criticism is an expression of the writers inner psychology. Whatever the writer expresses subconscious or unconscious working of his mind which are product of his own personality.”

Sa isang manunulat ay hindi makaliligtaan na ilabas sa kanyang isinusulat ang kanyang sariling karanasan sa buhay. Kahit na gusto niyang ihiwalay ang kanyang sarili sa kanyang obra, ngunit ang kanyang personalidad ay lumilitaw nang hindi niya namamalayan.

Sa tulong ng teoriyang pormalistiko, mimetiko, at ekspresibo sinusuportahan ang pag-aaral at pag-aanalisa nito na maihahambing ang mga piling kuwento nina Genoveva E. Matute na naglalahad sa mga kalagayan ng mga kabataan sa lipunan dahil sa tatlong teoriya ay makakatulong ito para masinsinang masuri ang mga piling kwento ng manunulat.

Magsisilbing susi at gabay ng mga mambabasa ang mga teoriyang gagamitin. Gabay rin ito sa pagsusuri upang mabuo ang kasalukuyang pag-aaral. Mabibigyang-halaga ang kuwentistang tulad ni Genoveva E. Matute bilang kanilang akdang susuriin ng mananaliksik. Ang pagmamalasakit nila sa kapakanan ng mga kabataan batay sa pagmamasid ng lipunang kanilang ginagalawan.

Ang pag-aaral na ito ay sumusuri sa *imahe ng bata* sa mga piling kuwento ni Genoveva Edroza-Matute . Tinitiyak sa pagsusuring ito ang mga aspekto sa sumusunod na mga kwento: Sa Paglalayag... sa Puso sa Isang Bata, Bughaw Pa sa Likod ng Ulap at Sariwa pa sa Alaala:

1. pangunahing tauhan,
2. imahe,
3. tunggalian ,
4. tema, at
5. karanasan at kaugalian ng manunulat.

Ang pag-aaral na ito ay tungkol paghahambing sa piling kuwento ng dalawang manunulat na sina Genoveva E. Matute. Ito ay ginagawa ng mananaliksik upang masuri ang galaw ng kuwento at ang elementong sinusuri at ang katauhan ng manunulat sa akda. Ang ambag ng kanilang mga akda sa lipunan noon at sa kasalukuyan sa panunuring pampanitikan.

Ginamit ang Qualitative Research Method sa paagsusuri ng mga tatlong kathang isip at Discourse Analysis ang ginamit sa pagsusuri at pagpapakahulugan ng mga pinapahayag na teksto sa isang akdang pampanitikan na pag-aaral. Binibigyang-katibayan ang pananaliksik na ito sa tulong ng mga kaugnay na pag-aaral at masasagawa ang pagsisiyasat.

Ito ay pagsusuri sa pamamagitan ng pagbibigay-kahulugan sa akdang pampanitikan at sinusuportahan sa pamamagitan ng dalawang teoriya. Ang teoriyang Pormalistiko at Ekspresibo para masuri ang akda ni Genoveva E. Matute sa mga askpeto sa bawat kwento: tauhan, imahe, tunggalian, tema, at katauhan ng manunulat. Ginamit ng mananaliksik ng talahanayan upang maging malinaw ang pagkalahad sa pagsusuri. May limang talahanayan ang makikita upang masagot ang mga baryabol sa pag-aaral.

2. RESULTA AT PAGTALAKAY

Pangunahing Tauhan: Ang *pangunahing tauhan* sa akda nina Matute ay nakaranas ng labis na kaapihan o child abuse, tulad ng berbal, pisikal na pangangabuso, child labor, pinagsamantahan ang kanilang kahinaan, pinagkaitan ng kanilang karapatan, gaya ng hindi binigyan ng sapat na edukasyon, paghihikahos sa buhay dahil sa kahirapan, at nangungulila sa pagmamahal mula sa kanilang pamilya.

Tulad sa akda ni Matute na *Paglalayag sa Puso ng Bata*, ay hinahamak ang kanyang pagkatao at nilalait. Sa Sariwa Pa sa Alaala ay pinandirihan at naligaw sa tamang landas at sa *Bughaw Pa sa Likod ng Ulap* ay sa murang edad ay nasapilitang magtrabaho sa tambakan at pinagkaitan ng karapatang makapag-aral Kadalasan sa pangunahing tauhan ay ulila na sa magulang o di kaya kulang ng isang miyembro sa pamilya para gumabay at umagapay. Sa *Paglalayag sa Puso ng Bata* ay ulila na sa mga magulang, Sa *Bawat Walang Bukas* ay ulila na sa ama. Sa *Sariwa Pa sa Alaala* ay ulila na sa ina. Sa *Bughaw Pa sa Likod ng Ulap* nangungulila sa kanilang ama. Inilarawan dito ang kinahihinatnan ng anak kapag hindi buo ang pamilya.

“Walang matatag na lipunan kung walang matatag na Pamilya.”

Ang kabataan sa kuwento ni Matute ay nahihirapan at napapahamak, ang mga tauhan sa kanilang kuwento ay biktima ng pagkakataon. Biktima ng mga salot sa lipunan na walang-awang sinasamantala ang kamusmusan at kahinaan ng isang bata. Batang walang magawa kundi ang sumunod sapagkat sila’y naniniwala na kung ano ang ginagawa ng matanda ay nagiging tama sa mata ng bata.

Sadyang napakalupit ng mundo kung hahayaan na lamang ang mga mapagsamantalang tao na abusuhin ang mga kabataan. Kailangang kumilos ang gobyerno para matugunan ang kanilang pangangailangan.

Imahe: Ang *Imahe* na ginamit sa kuwento ay naglalarawan ng kakulangan ng mga pangunahing pangangailangan at proteksyon sa sarili. Magkatulad ang *tunggalian* sa lahat ng kanilang kuwento na tao laban sa sarili at tao laban sa lipunan. Nahihirapan ang mga pangunahing tauhan na kabataan sa pakikitunggali sa buhay tulad ng laban sa sarili, sa tao at sa lipunang ginagalawan.

Ang mga imahe na makikita sa kuwento ni Matute. Ang maruming damit na naglalarawan sa kabataan na hindi nabigyan nang sapat na pangangailangan. Gayun din sa *Bughaw Pa sa Likod ng Ulap* ang gula-gulanit na damit na naglalarawan ng kakulangan at kahirapan. Dahil sa kapabayaang hindi na tinuturuan ng tamang gagawin para sa sariling kalusugan.

Lumang Banig ang basikong pangangailangan ng tao ang hindi naibigay. Ang bata ay dapat bigyan ng tirahan. Sa panahon ng tulugan na malapit sila sa lupa at nakatira lamang sa isang barumbarung. *Pera at salapi* ay mga imaheng nakikita sa kanilang mga akda.

Naglalarawan ng mga basikong pangangailangan ang hinahangad ng kabataan para mabuhay at makisabay sa agos ng buhay. Salat sa pera para pambili ng pagkain, damit, tirahan at mga personal na pangangailangan. Dahil sa kahirapan kusang maghahanap ang tao ng paraan para magkapera.

Upuan inilarawan ang mag-aaral sa loob ng klase na makinig sa itinuturo at sinasabi ng guro. *Upuan* hindi sila ang mataas dahil nakikinig sila sa taong may mataas na katungkulan. Sila ay mapagkumbaba dahil gusto nilang matuto.

Hanay ng upuan inilarawan ang gusto ng bata na maging maayos at pantay-pantay ang pagtingin ng guro sa kanyang mga mag-aaral. Kapwa gumamit ang dalawang manunulat ng imahe na pintuan. Sa kay *Lingat* ginamit niya sa kuwentong *Isa sa Marami*, kay Matute ang Kuwentong *Paglalayag sa Puso ng Isang Bata at Sariwa pa sa Alaala*.

Tunggalian: Magkatulad ang *tunggalian* sa lahat ng kanilang kuwento na tao laban sa sarili, tao laban sa tao at tao laban sa lipunan. Nahihirapan ang mga pangunahing tauhan na kabataan sa pakikitunggali sa buhay tulad ng laban sa sarili, sa tao at sa lipunang ginagalawan.

Ang *tunggalian* ng mga tauhan sa kuwento ni Matute na may tao laban sa sarili, sa tao at sa lipunan. Sa sariling pakikipagtunggali kung paano nila malalapas ang hangarin sa buhay tulad ng kanilang masalimuot na pangarap. May maraming balakid na bumabagabag sa isipan na pigilan ang kanilang gustong matamo sa sarili. Palaging biktima ng pagkakataon at mga di-makatarungan sitwasyong nararanasan tulad ng kahirapan, kakulangan ng pag-aaruga sa pamilya, pang-aabuso, at maling sistema sa pamamalakad ng pamahalaan.

Sa pangkalahatang pakikipagtunggali nang pangunahing tauhan lumalabas na galing sa iba't ibang salik ang kaapihan ng mga kabataan at pagdurusa na kanilang nararanasan. Una sa kanilang sariling pamilya kapag hindi buo ang isang pamilya tulad ng pagkaulila ng magulang sa kwentong *Paglalayag sa Puso ng Isang Bata*. Kapag walang ama na magtataguyod para sa pamilya ang maapektuhan ay ang anak tulad sa kuwentong *Sariwa pa sa Alaala at Bughaw pa sa Likod ng Ulap*. Sa kuwento din ni *Lingat* gayun din na wala ng ama, at mga magulang sa kuwentong *Walang Hanggang Bukas at Ano'ng Ginagawa Mo?* at sa *Isa sa Marami* ay ama lang ang nagtataguyod sa anak mayroong kulang. Una ang kakulangan ng pagmamahal, pagkalinga, at pag-aaruga sa kanila na basikong hinahanap ng bata sa piling ng kanilang pamilya sa sikolohikal na aspeto. Ang pamilya ang pinakamaliit na yunit sa lipunan. Kapag walang matatag na pamilya wala din matatag na lipunan. Kasunod ay taong nakapaligid na hindi mag-aalinlangan manglalait dahil sa mga pisikal na kaanyuan na kadalasang pinapakita sa mga kuwento ni Matute.

Isa sa puno't dulo ng *tunggalian* ng pangunahing tauhan ay ang mga isyung panlipunan tulad ng kahirapan, panggabuso sa kapwa at maling sistema ng pamamalakad ng pamahalaan na mga isyu sinasaad ng pambansang bayani na si Gat Jose Rizal na Kanser sa lipunan.

Tema: Ang *temang* inilalahad sa kanilang mga piling kuwento ay kailangan ng sapat na pag-aaruga, pag-aalaga, pagkakalinga at gabay para sa mga kabataan upang malayo sa kaapihan ng ibang tao at maging hulwaran sa lipunan. Kung makakamtan nila ang lahat nang ito maganda ang kalalabasan ng kanilang buhay.

Kung ang mga kabataan ay binibigyan ng sapat na pag-aalaga at pag-aaruga ng mga magulang malayo sa kapahamakan ang mga kabataan at magiging maganda ang kahihinatnan at hindi makakaranas ng kaapihan. Kung ang mga karapatan ng mga kabataan ay makakamtan nila na walang pagkukulang, magiging tunay na hulwaran sila sa buong bayan. Magiging isang responsable at mabuting mamamayan sapagkat buo ang kanilang pagkatao. Maisasakatuparan ang sinabi ni Dr. Jose P. Rizal na “*ang kabataan ang pag-asa ng bayan.*”

Karanasan at Katauhan ng mga manunulat: May pagkakakatulad ang dalawang manunulat. Kapwa sila produkto ng digmaan. Ang kabataan ang paksa ng akda sa kadahilanan may malasakit sila sa kinabukasan ng mga kabataan sa hinaharap. Ayaw na masasadlak sa di mabubuting kahahantungan ang buhay ng mga inosenteng nilalang na nakaantabay sa mga kabataan ang pag-asa sa bayan. Sila ang simula ng pagbabago at gustong ipaabot na mensahe ng mga mambabasa na kailangan ang sapat na pag-aaruga, pagkakalinga at paggagabay upang maging hulwaran sila sa lipunan. Naniniwala si Matute na ang edukasyon ang sagot ng kahirapan.

Ang mga piling kuwento ni Matute ay repleksyon ng kanyang karanasan at kaugalian. Siya ay may malasakit sa mga kabataan sa lipunan bilang guro sa tunay na buhay. Kusang din lumilitaw sa kanyang akda na may kaugnayan sa sariling karanasan, kaugalian, paniniwala at paninindigan sa buhay.

Kongklusyon: Napatunayan na ang mga piling kuwento ni Matute ay naglalarawan sa kalagayan ng kabataan sa lipunan.

3. REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasan at konklusyon, ang mananaliksik ay may sumusunod na mga mungkahi:

1. Pagyamanin ang pagsusuri sa mga piling katha tungkol sa kabataan upang malaman ang kalagayan ng mga kabataan noon hanggang sa kasalukuyan.
2. Pangalagaan ang mga kabataan upang mabantayan ang mga labis na kaapihan o child abuse, tulad ng berbal, pisikal na pangangabuso, child labor, pinagsamantahan ang kanilang kahinaan, pinagkaitan ng kanilang karapatan, gaya ng hindi binigyan ng sapat na edukasyon, paghihikahos sa buhay dahil sa kahirapan, at nangungulila sa pagmamahal mula sa kanilang pamilya.
3. Magkaroon ng pahambing na pagsusuri ng manunulat sa kanilang piling akdang sinusulat gamit ang teoriyang ekspresibo.

REFERENCES

1. Mga Aklat
2. Aguilar, Riza Reyna G. Tatlong Piling Kwento ni E.R. ABUEG : Isang Panlipunang
3. Pagsisiyasat. Cebu Normal University. 2012.
4. Alvarado, Elsie T. Luha ng Buwaya ni Amado Vera Hernandez: Multikritikal na
5. Pagsisiyasat. Cebu Normal University. 2012.
6. Arcamo, Michael Franks M. The Writer's Presence in John Keat's Five Selected poems. Cebu Normal University. 2012.
7. Arrogante, Jose A. Mapanuring Pag-aaral ng Panitikang Filipino. Metro Manila: Kalayaan Press Mktg. Ent., Inc., 1991.
8. Arrogante, Jose A. *et al.* Panitikang Filipino. Valenzuela, Metro Manila: 24 k
9. Printing Co.Inc.,1991.
10. Arrogante, Jose A. *et al.* Panitikang Filipino (Antolohiya) Binagong Edisyon.
11. Mandaluyong City: National Book Store. 2004.
12. Azucena, C.A. The Labor Code with Comments and Cases. Vol.2, Manila, Philippines:
13. Rex Bookstore, 1996.
14. Avena. Binsol *et al.* Yaman ng Wika at Panitikan. Makati, Metro Manila: Diwa Learning System, 1998.

15. Bernales, Rolando A. at Patrocinio Villafuerte V. *Pagtuturo ng /sa Filipino: Mga Teorya at Praktika*. Mutya Publishing House, Inc. Valenzuela City: 2008.
16. Boado, Leonor D. *Notes and Cases on Special Penal Laws*. Quezon City: Rex Printing Corp.Inc., 2001.
17. Casanova, Arthur P. *et al. Panitikang Pilipino*. Quezon City: Rex Bookstore, Inc., 2001.
18. Cericos, Eusmel U. *Pagsusuri sa mga Bisang Pampanitikan ng Tula*. Cebu Normal University. 2003.
19. Cuyos, Alicia C. *Isang Literaring Pagsusuri sa Florante at Laura*. Cebu Normal University. 2003.
20. Concepcion, Javier *et al. Timbulan IV*. Marikina City: 4 J ARTS, 1998.
21. Cruz, Isagani. *Constitutional Law*. Metro Manila: Central Book Supply, Inc., 2007.
22. Cotejo, Donna Grace I. *The Gilead Woman Oppression in M. Atwood's Handmaids*
23. *talevis-à-vis Philippine Social Conventions*. Cebu Normal University. 2013
24. Diones, Lito L. *Local Color in Edilberto K. Tiempo's Selected Short Stories*. Cebu Normal University. 2010.
25. Duran, Lorna S. *Mga Piling Tula Mula sa Matandang Panahon Hanggang Bagong Panahon Isang Pagsusuri*. Cebu Normal University. 1999.
26. Flores, Meriam C. *Representative Tales From Chaucer: Plot, Themes, and Milieu*.
27. Cebu Normal University. 2012.
28. Liwanag at Paquito B. *Badayos. Yaman ng Pamana*. Cebu City: Vibal Publishing House, 2010.
29. Lacsamana, Leodivico C. *et al. Wika at Panitikan sa Makabagong Henerasyon. Filipino IV*. Diwa Learning System Inc. 2003.
30. Lingat, Rosario D. *Si Juan Beterano at iba pang kuwento*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1996.
31. Lavadia, Genevieve M. R.A.7610 (Special Protection of Children Against Abuse,
32. *Exploitation and Discrimination Act) Awareness and Implementation*.
33. Cebu Normal University 2005.
34. Ligutom, Celeste Joy B. *Piling Maikling Kwento ni Genoveva Edroza-*
35. *Matute: Istruktura at Larawan ng Buhay*. Cebu Normal University. 2012.
36. Lauro, Maricris B. *Literary Signification in Temistokles Adlawan's Poetry*. Cebu Normal University. 2011.
37. Matute, Genoveva E. *Ako'y Isang Tinig*. Metro Manila: University of the Philippines
38. *Press*, 2009.
39. Matute, Genoveva E. at Epifanio G. Matute. *Mga Pagpapahalagang Filipino sa mga Kuwento, mga Sanaysay, mga Dula*. Metro Manila: Bookmark,
40. *Inc.*, 1992.
41. Macan, Romeo S. *Mga konseptong Maka-Diyos, Makatao at Makalikasan sa mga Piling Romantikong Tula ni Jose Corazon de Jesus*. Cebu Normal University. 1997.
42. Monleon, Fernando B. *Hiyas 4*. Quezon City: Abiva Publishing House, Inc., 1967.
43. Montera, Godfrey *et al. Pagbasa at Pagsulat tungo sa Pananaliksik*. Quezon City: Alps
44. *Publication.*, 2010.
45. Quilantang, Dominic G. *Multi-Tekstwal na Dimensyon sa Maikling Kwento ni Marcel M. Navarra*. Cebu Normal University. 2013.

46. Rios, Juvelyn P. *Masinsinang oras sa Pagtuturo ng Filipino*. Cebu Normal University. 2012.
47. Reyes, Soledad S. *Sa Bukang-Liwayway ng Isang Kalayaan at iba Pang Kuwento*.
48. Quezon City: Ateneo De Manila University Press, 2003.
49. Reyes, Soledad S. *Rosario De Guzman Lingat 1924-1997: The Burden of*
50. *Self and History*. Quezon City: Ateneo De Manila University Press, 2003.
51. Salazar, Lucila A. *et al. Panitikang Pilipino*. Quezon City: Katha Publishing Company
52. *Inc.*, 1995.
53. Sedigo, Erna Teresita J. *Mga Pagpapahalaga sa Kapaligiran na napapaloob sa mga Tulang Filipino Isang Pagsusuri*. Cebu Normal University. 2003.
54. Villafuerte, Patrocinio V. *et al. Literatura ng mga Rehiyon sa Pilipinas*. Valenzuela
55. *City: Mutya Publishing House, Inc.*, 2000
56. Villafuerte, Patrocinio V. *Panunuring Pampanitikan*. Valenzuela City: Mega Jesta Prints, Inc., 2000.

57. Yu, Rosario T. Panitikan at Kritisismo. Metro Manila: Philippine Graphic
58. **Online Sources**
59. Literary Criticism: Mimetic Theory.
60. 13 June 2013
61. <http://www.eshow.com/facts_mimetic-theory_literary-criticism.html>
62. Critical Theory
63. <http://master.com/critical_theory.> 11 June 2013.
64. Formalism
65. <<http://en.wikipedia.org/wiki/formalism>>2 July 2013
66. Remate
67. <http://www.remate.10mag-aaral_biktima_g_karahasan> 8 July 2013
68. Bandera: Balita
69. <http://banderwww.balita.netph_ablogs.wordpress.com>
70. 5 May 2013
71. Bagong Uso
72. <http://2014/04/23/bagong_uso.html.> 23 April 2013
73. Mapangulong-Pagkilos
74. <<http://tl.wikipedia.org/wiki/mapangulong-pagkilos>> 20 June 2013
75. <<http://www.eun.org/utahlink.com>> 21 June 2013
76. Plaridel
77. <<http://www.tl.answer.com.plaridel.ph>.> 21 June 2013
78. <<http://pinoyweekly.org/new/?p=13706>.> 21 June 2013
79. <<http://tl.wikipedia.org/wiki/Panitikan>.> 3July 2013
80. <http://www.takdang_aralin.com/filipino/panitikan.> 3 July 2013
81. Matute, Genoveva E. Talambuhay
82. 22 July 2013
83. <<http://www.wikipedia.com/wiki>>
84. Paglalayag sa Puso ng Isang Bata
85. <<http://www.varsitarian.com>.> 31 January 2014